BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

NEWS RELEASE

baaqmd.gov

**PARA SA AGARANG PAGHAHAYAG:** Enero 29, 2024
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Pinagmumulta ng Distrito ng Hangin ang West Contra Costa Sanitary Landfill ng $160,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ngayon ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na pinagmulta nito ang West Contra Costa Sanitary Landfill, na kasalukuyang pinamamahalaan ng Republic Services, ng $160,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin na naganap noong 2019 sa landfill na matatagpuan sa Richmond.

Habang sarado ang West Contra Costa County Sanitary Landfill mula pa noong 2007, kinakailangang patakbuhin ng Republic Services ang sistema ng pagkolekta ng gas sa landfill nito para patuloy na makontrol ang mga gas na sumisingaw sa landfill. Nabuo ang methane, carbon dioxide at iba pang gas dahil sa pagkabulok ng mga organikong basura na dapat makuha sa pamamagitan ng sistema ng pagpapatighaw (abatement). Nagresulta ang hindi pagsunod sa mga regulasyon ng Distrito ng Hangin sa pagbibigay ng 13 Paunawa ng Paglabag na ibinigay para sa mga pagsingaw sa balon at lupa, positibong presyon, mga nakikitang emisyon, hindi gumaganang sistema ng pagkolekta ng gas at kaugnay na mga paglabag.

“Bilang karagdagan sa negatibong epekto sa kalidad ng hangin sa nakapaligid na komunidad, ang methane sa gas sa landfill ay isang malakas na greenhouse gas na nakakadagdag sa pagbabago ng klima,” sabi ni Dr. Philip Fine, punong tagapagpaganap (executive officer) ng Distrito ng Hangin. “Napakahalaga na pinapanatiling maayos ang mga bahagi ng sistema ng pasilidad para matiyak na mananatiling protektado ang lokal na kalidad ng hangin at ang pandaigdigang klima.”

Nagbibigay ng Mga Paunawa ng Paglabag ang Distrito ng Hangin sa tuwing may nalalabag na partikular na regulasyon o panuntunan sa kalidad ng hangin ang mga pasilidad. Kadalasan, kinakailangan ng mga lumalabag na tumugon sa abiso sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga gagawin nilang pagkilos para maiwasto ang problema. Ang mga pagkilos na ito ay puwedeng kabilangan ng agarang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbabago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter/X, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*